

Mais: 7 araw makatanim at tuwing ika-10 araw hanggang sa malagatas ang butil ng mais.



Bungang Kahoy: Tuwing ika 10 araw upang mapanatili ang kalusugan ng mga bungang kahoy.



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng Programa sa Organikong Pagsasaka (Organic Agriculture Program)

Inihanda ng Research Division, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Organic Agriculture Program

Paano ang paggawa ng

***F*ERMENTED (*F*ISH)**

***A*MINO**

***A*CID**



Organic Agriculture Program
Department of Agriculture,
Regional Field Office III
City of San Fernando, Pampanga

PAGGAWA NG FERMENTED (FISH) AMINO ACID (FAA)

Isa pang paraan upang makagawa ang mga magsasaka ng foliar spray ay ang Fish Amino Acid o FAA. Maganda itong pinagkukuhanan ng nitrohena ng mga halaman bukod pa sa nakapagdadagdag ito ng growth hormone upang lalong lumusog at mabilis ang paglago ng mga halaman. Pinasisigla ng FAA ang mga kamumuhay (microorganisms) na natagpuan sa lupa.

Materyales sa paggawa ng Fish Amino Acid

1. Ginayat na mga hasang, kaliskis, golden kuhol o mga karneng pinag-ayawan



Maaring gumamit ng tinadtad na laman ng kuhol, mga hasang ng isda na tinatapon sa kusina at mga buto-butong pinag-ayawan nang kainin. Mayaman sa protina ang mga ito.

2. Isang plastik na balde
3. Manila paper
4. Pulot o asukal na pula
5. Plastic straw na panali
6. Malinis na tubig na mula sa poso.

Paraan ng Paggawa

1. Paghaluhaluin ang mga sangkap na inihanda sa ratio na 1:1:1. 3 kilo ginayat o tinadtad na hasang ng isda, suso o mga pinag-ayawang buto ng karne. 3 kilong pulot o asukal na pula 3 kilong tubig poso
2. Ilagay ang mga sangkap sa plastic na balde. Mag-iwan ng 25 porsiyento espasyo para sa hangin.
3. Takpan ng malinis na Manila paper at talian ng plastic straw.



Pag-halu-haluin ang mga tinadtad na hasang, laman ng suso, mga buto-butong ng karne. Lagyan ng 3 kilong pulot ang balde at 3 kilong tubig na mula sa poso. Takpan ng Manila paper at talian. Pagkaraan ng 14 na araw ay iahon at salain. isalin sa isang plastic na lalagyan at maari nang gamitin ito bilang foliar spray sa mga

4. Ilagay sa isang malamig at malilim na lugar at hayaang mag ferment o umasim sa loob ng 14 na araw.
5. Anihin ang FAA at salain gamit ang isang sirang kulambo.
6. Isalin sa mga plastic na gallon. Huwag takpan ng mahigpit upang makasingaw ang hangin. Handa nang gamitin ang FAA.



Isalin sa mga plastic na lalagyan ang FAA, Salain at ito ay nakahanda nang gamitin.

Paano ginagamit ang FAA

1. Ang FAA ay maaring gamitin bilang foliar spray sa mga dapo, ornamentals, gulay, palay at mais at mga bungang kahoy.
2. Gumamit ng 2 kutsarang FAA sa bawat litrong tubig poso. Gumamit ng bago o kaya ay malinis na sprayer.
3. Ibomba sa mga dahon ng halaman at sa lupa.
4. Mag bomba mula alas 4 hanggang alas 6 ng madaling araw at mula alas 5 hanggang sa takipsilim kung kalian ang mga organism sa FAA ay napakaaktibo.
5. Bombahin sa mga sumusunod:

Palay: 7 araw pagkalipat tanim hanggang sa paglilahi isang beses isang linggo.

